
PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-KAISIPANG MAO ZEDONG



Ang Bayan

Tomo XI Bilang 3 — Pebrero 15, 1979

M G A   N I L A L A M A N

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

SUMUSUNGAW NA NAMAN SA LUNGGA ANG MGA MANANABOTAHENG MAKA-LAVA

(Ang susunod na artikulo ay una sa isang seryeng ilalabas ng Ang Bayan sa pinakahuling mga pagkilos ng taksil na mga rebisyonistang maka-Lava. Inaanyayahan ang mga mambabasa na pag-aralan at suriin ang nilalaman ng mga artikulong ito, at magpadala rin ng balita, impormasyon at kuru-kurong makatutulong sa pagbaka sa makabagong rebisyonismo. Bahagi ito ng patuloy nating paglilinang sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung sa kondisyon ng Pilipinas.)

Habang lumalakas at lumalawak ang kilusan ng mamamayan para lansagin ang mga base militar ng imperyalismong E.U. sa Pilipinas, isang umpok ng mananabotahe ang nakaambang mang-agaw sa pamumuno ng anti-imperyalistang kilusan at lihim na maninira rito.

Muling sumusungaw sa inuruugan nilang lungga ang lokal na rebisyonistang pangkating maka-Lava, at nagtatangkang sumingit ngayon sa hanay ng mamamayan upang papagtagumpayin ang layunin kapwa ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos at ng sosyal-imperyalismong Sobyet.

Kailangang labnusing muli ang balatkayo ng mga manggagantsong ito, at ilantad ang reaksyonaryong hangaring nakatago sa likod ng kunwa'y progresibong pananalita.

Nagsiksik sa lungga ang pangkatin may mga 10 taon na ang nakaraan, nang bulatlatin ng rebolusyonaryong mamamayan, sa pamumuno ng katatatag-muling Partido Komunista ng Pilipinas, ang detalye ng kanilang mga krimen at pagtatraydor sa rebolusyon. Inihayag at sinuri ang kabulukan nila sa ideolohia, pulitika at organisasyon sa "Iwasto ang mga Kamalian at Muling Buuin ang Partido" (1968) at sa Ulat ng Komiteng Tagapagpaganap sa Komite Sentral (1972) na pinamagatang <u>Hinggil sa Maka-Lavang Propaganda para sa Rebisyonismo at Pasismo (Pangkalahatang Sagot)</u>.

Nang ipataw ng pasistang pangkating Marcos ang batas militar, sinunggaban ng mga taksil na rebisyonista ang pagkakataong lumantad muli at magpursigi sa kanilang kontra-rebolusyonaryong kampanya laban sa Partido Komunista ng Pilipinas, sa Bagong Hukbong Bayan at sa rebolusyonaryong mamamayan.

Noong Agosto 1973, nagyakapan ang pasistang rehimeng diktador at taksil na rebisyonistang pangkatin sa ilalim ng karatula ng isang "Kasunduan sa Pambansang Muling-Pagkakasundo". Sa mga seremonyang ginanap sa Malakanyang gayundin sa Aliaga, Nueva Ecija, at Sta. Cruz, Laguna--mga tinatawag na "balwarte" ng angkang Lava--isinuko ng kanilang mga tauhan ang nalalabi nilang armas at nangakong makipagtulungan sa pagtatatag ng "Bagong Lipunan".

<u>Nagtitiwalagang mga grupo</u>

Bunga ng pagsukong ito, at dahil din sa reaksyonaryong mga patakaran at pananalakad ng mga maka-Lava, nalagas nang nalagas ang maliit na ngang pwersa ng pangkatin.

Kabilang sa pinakahuling mga tumiwalag ang grupong mga taga-Pampanga ni Casto Alejandrino, na humiwalay noong 1978, gayundin ang isang seksyong nakapaloob sa KILUSAN, isang pederasyon ng paggawa. Matatandaan na si Alejandrino ay isa sa mga nangungunang kagawad ng Kawanihang Pampulitika o Politburo ng lumang pinagsanib na partido.

Nitong nakalipas na mga buwan, naging abala ang nalalabing mga "kadrong" maka-Lava sa pagpapalabas ng pahayag sa mga burges na peryodiko. Sa mga porum, maingay nilang kinakastigo "ang mga Amerikano" habang nagmamaniobrang umangkas sa kilusang anti-imperyalista para idiskaril ito sa kalaunan.

Kapansin-pansin, sa mga [illegible] ito, ang [illegible] ng mga "anti-imperyalistang" maka-Lava sa [illegible] ang [illegible] papet na rehimeng na anila'y "ibig magsarili at [illegible]".

Hindi lamang nila [illegible] ang [illegible] nilang pagkilala ng kontradiksyon sa pagitan ng pangkating Marcos at ng imperyalismong E.U. Ibig pa nilang pasalamatan ang batas militar [illegible] ng kalayaan ng sambayanan, sapagkat ito raw ang [illegible] ng "[illegible] kasarinlang malaya sa pandidikta ng Amerikano"! [illegible] "Katipunan ng Bagong Pilipina" (KaBaPi) sa dokumento nilang "[illegible] in Philippine Politics: the Historical Record" ([illegible] sa Pulitikang Pilipino: ang Tala ng Kasaysayan, 1978): "Ang [illegible] ng Pangulong Marcos sa linyang ito /"paggiit sa kasarinlan ng Pilipinas"/ ay [illegible] ng paggamit niya ng konsentradong kapangyarihang dulot ng batas militar."

Inaamin ng KaBaPi—organisasyong [illegible] ni Imelda Marcos at pinapasimunuan ni Aida Lava [illegible] "ang [illegible] pangunahing patakaran (ang administrasyong Marcos) na [illegible] sa pagkakasandal ng kabuhayang pambansa sa Estados Unidos at sa mga [illegible] institusyong dominado nito".

Subalit binabalewala ng mga maka-Lava ang pundamental na usaping ito ng lubos na pagkontrol ng imperyalismong E.U. sa [illegible] Pilipinas. Iginigiit nila na mas matimbang dito ang "[illegible]" ng "makabayang" pangkating Marcos sa imperyalismong E.U. At [illegible] pa'y iwinawasiwas ng KaBaPi ang dati nang panakot ng mga maka-Lava: [illegible] sa CIA! sigaw nila; suportahan natin si Marcos sa [illegible] sa poder at "baka palitan pa siya ng mga pwersang [illegible] sa interes ng Amerikano".

[illegible] kay Marcos

Sa katawa-tawang pagbabaligtad ng mga bagay-bagay, "walang-kinikilingan" ang turing ng mga maka-Lava sa patakarang panlabas ng papet na rehimeng E.U.-Marcos.

Sa isang lihan na ipinadala sa mga burges na pahayagan, tinutulan ng isang maka-Lava ang bagong tratado sa mga base militar ng E.U., at ang isa sa mga dahilang ibinigay niya ay baka raw gamitin ito para patalsikin si Marcos. "Madaling gamitin ang mga base militar," ang [illegible] niya, "para maglunsad ng anumang hakbang na makapagpapabagsak sa gobyernong Pilipinong may pagka-independyente sa Estados Unidos."

Naghuhumiyaw ang katotohanan—subalit sadya namang nagpasak ng tainga ang mga maka-Lava—na ang pasistang pangkating Marcos ang pantag utusan ng imperyalismong E.U. sa Pilipinas, tulad ng pinatutunayan ng santambak na mga dekreto, kautusan, patakaran at kaluwagang iniaalay ng rehimen sa kanyang mga amo.

Binibilog ng mga oportunistang maka-Lava ang ulo ni Marcos at walang-tigil siyang pinupuri't ipinagtatanggol, sa dalawang layunin.

Una, ibig nilang makamit ang pagkilala ng reaksyonaryong estado sa kanilang "legalidad" bilang huwad na "Partido Komunista"; at sa gayo'y matamasa nila, at mabaluktot, ang prestihiyo ng komunismo sa hanay ng rebolusyonaryong mamamayan.

Ikalawa, inilalapit nila sa naghaharing pangkatin ng reaksyonaryong estado ang mga amo nilang sosyal-imperyalistang Sobyet, na matagal nang aali-aligid sa Pilipinas nang di-gaanong makagawa ng batas sa ehemonia rito ng karibal nilang superpower.

Subalit sa hangal nilang pagbustot sa pasistang pangkating Marcos, lalong pinatatatag ng mga maka-Lava ang katayuan sa Pilipinas ng imperyalismong E.U. Sa pangkating Marcos pa rin higit na umaasa ito para ipatupad ang kanyang gusto. Tulad ng ipinakita sa nakaraang "negosasyon" hinggil sa mga base militar, ipinanlalampaso lamang ng imperyalismong E.U. ang "nasyo-

nalismo" ni Marcos, at di rin naman naririnigan kahit impit na pagtutol itong huli laban sa bastos na pagtrato ng kanyang mga amo.

Sa isyu ng pagsasabwatan ng pasistang pangkating Marcos at imperyalismong E.U. laban sa sambayanang Pilipino, parang magkabilang pisngi ng iisang bulok na mangga ang mga maka-Lava at mga reaksyonaryong anti-Marcos.

Habang pinipilantik ng mga reaksyonaryong anti-Marcos ang pasistang diktador, ingat na ingat silang huwag masabuyan ang imperyalismong E.U. na sumusuhay dito. Nasa kabila naman ang mga maka-Lava. Minumura nila "ang mga Amerikano" samantalang pinagtatakpan ang pangunahing tuta ng imperyalismo.

Ang totoo'y nagkakaisa ang lahat ng mga reaksyonaryong ito—pasistang pangkating Marcos, mga karibal nitong reaksyonaryo at traydor na mga rebisyonistang maka-Lava—sa layuning pamalagiin ang bulok na naghaharing sistemang pinapakinabangan nilang lahat.

Pagbaka sa makabagong rebisyonismo

Kasabihan ngang masamang damo'y nagtatagal ang buhay. Sasandakot man ang mga maka-Lava, nasa kanila pa rin ang kakayahang manggulo sa hanay ng mamamayan, kung hindi magiging mapagmatyag ang mga tunay na rebolusyonaryo.

"Napakahalagang tungkulin ang taimtim na pag-aaral at walang-humpay na pagbaka sa nakaraang oportunismong maka-Lava at sa kasalukuyang rebisyonismong maka-Lava," ang saad sa Pangkalahatang Sagot. "Dito'y taglay natin ang pangmatagalang pananaw na haharap pa tayo sa higit pang malubhang panganib mula sa makabagong rebisyonismo. Sa pamamagitan ng walang-lubay na pagbaka sa makabagong rebisyonismo, pinatatalas natin ang ating sandatang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon laban sa imperyalismong E.U., peudalismo at burukrata kapitalismo."

Sa pagsulong ng pambansang demokratikong pakikibaka sa panibago't mas mataas na antas, higit na kailangang pag-aralan at bakahin ang makabagong rebisyonismo, upang matiyak ang konsolidasyon ng mga tagumpay na pinuhunanan ng pawis at dugo ng mga tunay na rebolusyonaryong Pilipino.

• • •

UMAGAW NG ARMAS ANG BHB SA AMBUS NOONG DIS. 26

Iba-iba ang anyo ng paggunita ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong masa sa ika-10 anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido nitong nakaraang Disyembre 26, ayon sa mga ulat na patuloy na dumarating mula sa mga rehiyon.

Isang halimbawa ay ang matagumpay na pagtambang ng mga Pulang mandirigma sa isang yunit ng kaaway sa Pinabacdao, Kanlurang Samar, Silangang Kabisayaan. Isa pa ay ang programang ginanap sa tugatog ng bundok sa Ifugao, Hilagang-kanlurang Luson.

Sa Maynila-Rizal at iba pang puting purok, nagsalu-salo ang mga Kasama nang di nakakatawag ng pansin, at tinalakay nila ang pagsulong ng pambansang demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng Partido sa nakaraang 10 taon.

Pitong armas ng kaaway ang kinumpiska ng hukbong bayan sa operasyong militar sa Kanlurang Samar. Ang mga ito ay tatlong armalayt, dalawang karbin at dalawang kalibre .38 rebolber.

Naganap ang tambang sa haywey, alas 9 ng umaga. Ang target ng mga gerilyang bayan ay isang 6 x 6 na patungo sa lunsod ng Tacloban (Leyte) para hakutin ang mga pamaskong handog ni Imelda Marcos sa mga tuta ng rehimen.

Patay ang lahat ng lulan ng sasakyan: isang kapitan ng PC, dalawang sundalong PC, at dalawang pulis. Nasawi rin ang dalawang sibilyang sumama sa kaaway sa kabila ng malinaw na peligrong sasalubong sa kanila.

Habang kinukumpiska ng mga Pulang mandirigma ang mga armas ng kaaway, dumating ang isang pampasaherong bus. Pinigil ito ng mga Pulang mandirigma at ipinaliwanag sa mga pasahero ang pagsulong ng armadong pakikibakang nagbabagsak sa mga uring umaapi sa bayan at nagtatayo sa kapangyarihang pampulitika ng lahat ng inaaping uri.

Sa Ifugao, umugong sa buong paligid ang mga gangsa, o gong ng mga Igorot, bilang hudyat ng pag-uumpisa ng programa. Mula sa tugatog ng bundok, kung saan nagtipun-tipon ang mga kasapi ng Partido at Pulang mandirigma, kitang-kita ang masang naglalakad tungo sa lugar. Nagdala ng pagkain ang marami sa kanila para ibahagi sa mga kakadua, o kasama.

Dumalo sa selebrasyon ang mga kadre ng Partido mula sa apat na lalawigan ng Montanyosa--Benguet, Bontoc, Kalinga-Apayao at Ifugao.

<u>Kasaysayan ng Partido</u>

Bilang pambungad sa programa, binaksa ng isang namumunong kasama sa Hilagang-kanlurang Luson ang Kasaysayan ng Partido mula ng muling pagtatatag nito noong Disyembre 26, 1968.

"Sampung taon na ang nakararaan sapul nang itakwil natin ang palasuko't oportunistang linya ng pangkating Lava-Taruc na namuno sa lumang pinagsanib na partido," aniya. "Mula noon, naisulong ng ating Partido ang pambansang demokratikong rebolusyon sa mas malawak at mas mataas na antas."

Iniugat niya ang mabilis na pagsulong ng rebolusyon sa konkretong paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung sa konkretong kalagayan ng Pilipinas.

Isinalaysay din niya ang pagsulong ng Partido't hukbo hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong Pilipinas, hanggang sa Mindanaw.

Inilahad naman ng mga kadre mula sa ibang mga probinsya ng Montanyosa ang kaapihang dinaranas ng masa sa rehimeng E.U.-Marcos sa kani-kanilang lugar, at ang sumusulong na armadong paglaban ng bayan sa pwersa ng rehimen.

Nagsalita rin sa pulong ang mga lider ng masa sa Ifugao. Ibinahagi nila ang kanilang mga karanasan, tulad ng pangangamkam ng rehimen sa kanilang mga lupa. Ginunita rin ang unang pagdating ng Partido at BHB sa Ifugao at ang malaking tulong ng mga ito sa pagpupukaw sa masang Igorot sa katotohanang ang armadong pakikibaka lamang ang magpapalaya sa kanila sa pang-aaping sobinista at makauri.

Sinundan ang mga talumpati ng pangkulturang pagtatanghal. Maraming rebolusyonaryong awit sa iba't ibang wika sa Montanyosa--Kankannai, Tuwali, Kalinga, Bontoc at Kalanguya. Mayroon ding mga sayaw pandigma at ang tayaw, isang sayaw na kilalang-kilala sa lahat ng sulok ng bulubunduking Kordilyera.

* * *

NAGMARTSA ANG MGA MARALITA
SA MGA LUNSOD NG CEBU AT DAVAO

Bumuhos sa mga lansangan ng lunsod ng Cebu noong Enero 22, araw ng pista, ang may 1,000 maralita. Nagmartsa sila nang may limang kilometro upang makipagkomprontasyon sa meyor hinggil sa plano ng gobyerno na palayasin sila sa kanilang mga tirahan.

Bahagi ito ng Cebu South Reclamation Project ng gobyerno na nagbabalak gawing isang "business complex" ang [illegible] ng [illegible] sa kanilang kinatitirikan ng mga maralitang komunidad, [illegible] ito ang may 500,000 mamamayan.

Sa pamumuno ng Pangagbangon, samahang binubuo ng 10 organisasyon ng mga maralitang komunidad, binatikos nila ang di-pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mahihirap sa mga "proyekto sa pagpapaunlad" ng gobyerno.

Ayon sa kanilang tagapagsalita, ang sinasabing "kaunlaran" ng gobyerno ay para lamang sa mga mapagsamantala. Pinapatunayan ito sa pagpapalayas sa mga mahirap upang bigyang-daan ang isang pook pang-industria ng mga korporasyong dayuhan at kasosyo nilang Pilipinong komprador. Kaugnay naman ito ng itatayong Export Processing Zone sa kalapit na pulo ng Mactan, dagdag pa nila.

Hindi nagpalinlang at hindi natinag ang masa sa harap ng mga pananakot ni Meyor Florentino Solon at ng pasistang militar. Hindi sila umalis sa lugar at ipinagpatuloy nila ang pagbatikos sa lokal na gobyerno sa harap ng mga pulutong na nakikinig sa kanila.

Dalawang oras ang lumipas bago humarap ang meyor. Sa harap ng nagngangalit na masa ay napilitan itong mangakong "titiyakin ang kanilang malilipatan bago magdemolisyon". Naninindigan naman ang mga maralita na hindi sila aalis sa kanilang mga tirahan. Tumalilis ang meyor sa gitna ng protesta ng masa.

Aksyong masa sa Davao

Sa lunsod naman ng Davao, 400 maralita ng lunsod ang nagmartsa noong Disyembre 10 patungong city hall upang pahintuin ang demolisyon ng kanilang mga bahay. Ang demolisyong ito ay bahagi ng "pagpapaunlad ng lunsod" ng lokal na pamahalaan, ayon sa Ang Badang (Disyembre 1978), pahayagang masa sa Mindanaw.

Namahagi sila ng dalawang bukas na liham na dumuduro sa kasinungalingan ng dekreto ng pangulo na "isaayos lamang ang mga bahay, pahihintulutan ang mga iskwater na doon din sa mismong lugar manirahan, at walang palalayasing sinuman sa kanila hanggat hindi pa handa ang pook na paglilipatan". Sa kasalukuyan, may 100 bahay na ang nagigiba at nakatakdang gibain din ang 1,954 iba pa, taliwas sa ipinangako ng gobyerno.

Iginigiit ng mga maralita ng lunsod ang kanilang karapatang ihanap sila ng gobyerno ng paglilipatan na di-malayo sa dati nilang tirahan, gayundin ang kanilang karapatang lumahok sa mga desisyong kaugnay ng demolisyon ng kanilang bahay at relokasyon ng kanilang pamilya.

Hinamon nila ang bulok na pamahalaan na kilanlin ang kanilang karapatang bumuo ng samahang kakatawan sa kanila sa pagbubuo ng mga desisyon at sa pagsasagawa ng isang makatotohanan at komprehensibong programa sa mga maralita ng lunsod.

Sa Bontoc, tinutulan ng 98 pamilyang Igorot sa isang relokasyon ng gobyerno ang pagbabalewala sa kanilang mga karaingan, ayon sa pag-uulat ng Dangadang (Disyembre 1978), pahayagang masa sa Hilagang-kanlurang Luson.

Naninirahan sila sa 48 kubo sa gilid ng bundok sa Kennon Road, Baguio. Karamihan sa masang naririto ay nagtatrabaho sa Baguio bilang kargador ng tubig, kantero, tagalinis ng mga bakuran, at iba pa.

Sapagkat ang kanilang baryo ay naglalarawan ng katutubong pamumuhay at kulturang Igorot, ginawa itong atraksyong panturista noong 1973. Ayaw silang palipatin sa isang kalapit na mas maluwang na bakanteng loto na 10 taon na nilang pinepetisyon. Ayaw din silang lagyan ng kuryente, tubig at di pinahihintulutang maglagay ng mga kanal.

"Atraksyong panturista"

Pag-iwas ang sagot ng reaksyonaryong pamahalaan. Pinaikut-ikot sila sa mga opisina o kaya'y sinasabing walang materyales, at kung anu-ano pang dahilan. Lumitaw din ang katotohanang ang pagpapaalis nang sabihin sa kanila ng isang opisyal ng turismo sa Baguio na: "May nakita ba kayong tunay na baryo ng mga Igorot na may kuryente at gripo? Mawawala ang atraksyon nito sa mga turista!"

May 2,500 mamamayan naman sa baryo Sisiman, Mariveles, Bataan, ang mawawalan ng tirahan oras na matapos ang isang plantang itinatayo ng Bataan Shipyards and Engineering Co. (BASECO) na pag-aari ni Marcos, ayon sa ulat ng Balita ng Malayang Pilipinas-BMP (Enero 31, 1979).

Kinondena ng mga tagabaryo ang planong palayasin sila ng BASECO. Ginunita nila ang kahirapang dinaranas ngayon ng mga tagabaryo ng Nassco at Kamaya pagkaraang palayasin sila sa lupang tinayuan ng Bataan Export Processing Zone.

Nawalan ng tirahan ang may 4,000 taga-Nassco noong 1972 samantalang nawalan ng lupa ang may 70 pamilyang magsasaka noong 1971. Karamihan ay hindi binayaran. Ang iba nama'y binigyan lamang ng mga pako at lawanit.

Samantala, ang mga maralita ng lunsod ng Maynila ay muli na namang nahaharap sa panggigipit ng rehimeng batas militar. Nakatakdang gibain ang tahanan ng 454 pamilya sa Navotas at Tondo, ayon sa pahatid ng BMP nitong Enero 15.

Palalayasin ang may 350 pamilya sa Navotas upang lagyan ng mga lagusan ng tubig-baha ang kababaan nito. Bagamat sinabi na ililipat sila malapit sa Dagatdagatan, isang proyektong pabahay, ang mga "iskwater" ay hindi nakatitiyak kung makatitira nga sila roon.

Wala pang mga dingding at dibisyon ang mga bahay sa Dagatdagatan. Hindi rin sila tiyak kung makakukuha sila ng materyales mula sa gobyerno at kung makakayanan nila ang halagang uupa rito. Inirereklamo rin nila ang kakulangan ng tubig sa pook na iyon.

Pagkakaisa sa pakikibaka

Upang bigyang-daan ang isang pandaigdigang daungan, gigibain ng rehimen ang unang grupo ng may 800 tahanan sa tabing-dagat ng Tondo, ang pinakamalaking konsentrasyon ng mga maralita ng lunsod sa bansa, sa loob ng taong ito. Nakatakdang unahin ang 104 tahanan sa Luzviminda Village at isusunod ang tig-80 sa bawat buwan. Walang inihandang pook na paglilipatan sa mga palalayasin.

Sa mga nabanggit na lugar ng mga maralita, ang pasistang rehimen ay sinasalungat ng mga militanteng aksyong masa kung kaya't hindi nito bastabasta maituloy ang hangaring pagkaitan ang mga maralita ng lunsod ng kanilang karapatan sa paninirahan.

Tanging ang mahigpit na pagkakaisa sa matatag na pakikibaka ng mga maralita ng lunsod ang sasagka sa pang-aapi't panggigipit sa kanila.

Ang pundamental na katangian ng mga suliranin ng mga maralita ng lunsod tulad ng sa pabahay, kawalan ng trabaho at mataas na halaga ng bilihin ay ang kawalan nila ng lakas pampulitika sa kasalukuyang mapaniil na sistema. Hindi ang kanilang mga bahay, kundi ang lumang reaksyonaryong sistema, ang dapat gibain para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

• • •

NAGBRODKAS SA PANAY
ANG RADYO MADYA-AS

Isang mapanlabang palatuntunan sa radyo ang narinig buhat sa kabundukan ng Panay noong Enero 1.

Radyo Madya-as ang bagong palatuntunan ng pambansang demokratikong kilusan sa Kanlurang Kabisayaan. Narinig ito sa dalawang magkahiwalay na transmisyon na tumagal ng tatlong oras.

Ayon sa Daba-Daba, pahayagang masa sa Aklan at hilagang Antique, ang unang brodkas ng Radyo Madya-as ay sa Aklanon, Ilonggo, Pilipino at Ingles, ala 1:10 n.u. Tinalakay ang mga balita at komentaryong halaw sa mga rebolusyonaryong pahayagan. Nagparinig din ng mga tula at awiting rebolusyonaryo na ang diwa ay ipinaliliwanag ng anawnser.

Ang ikalawang brodkas ay sa Ingles, alas 3:15-4:50 n.u. Tinalakay naman dito ang ukol sa "lokal na eleksyon" ng diktadurang E.U.-Marcos, ang mga pakana ng reaksyonaryong estado upang sugpuin at durugin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa lunsod at kanayunan, at mga balita sa labas ng bansa.

Nagdiwang ang masa sa pagkakaroon ng palatuntunan sa radyo na nauukol at nagsisilbi sa kanila.

* * *

BINULIGSA SA PANDAIGDIGANG PULONG
ANG PAGLABAG SA MGA KARAPATAN

Tinuligsa sa harap ng isang pandaigdigang komperensya ng mga guro kamakailan ang maraming paglabag sa mga demokratikong karapatan ng sambayanang Pilipino, at laluna ng mga detenidong pampulitika.

Nagsalita sa Pandaigdigang Pederasyon ng mga Malayang Unyon ng mga Guro (IFFTU), na nagpulong sa Maynila noong Disyembreng nakaraan, si Fred van Leeuwen, kinatawan ng mga gurong Olandes.

Binatikos ni Leeuwen ang pagpapahirap sa mga detenidong pampulitika sa Pilipinas, at pagsesentensya sa mga ito ng hukumang militar, na aniya'y hindi limitado sa mangilan-ngilang kaso lamang. Idinagdag pa niya na ipinagbabawal sa Pilipinas ang mga welga habang patuloy na nakikinabang nang malaki ang mga dayuhang kompanya.

Nanawagan ang gurong Olandes na tumulong ang mga kapwa niya guro upang "maibalik ang tunay na mukha ng bayang itong magiliw at mapagkaibigan; gawin ang magagawa para sa mga taong di dapat nakabilanggo bagkus ay dapat kabalikat nating nagtatayo ng daigdig na malaya, kung saan walang dungis ang hustisya at di gagamitin ang mga guro para sa mga layuning di-makatarungan at di-demokratiko, kung saan makauunlad ang mga mamamayan sa kapaligirang bukas at mapag-adya".

Samantala, patuloy na ipinaglalaban ng 32 detenidong akusado sa kasong Karagatan-Andrea ang kanilang karapatang lumaya bilang pagwawasto sa ginawang paglabag sa kanilang mga karapatan.

Pinakinggan ng Korte Suprema noong Enero 23 ang sumbong ng 19 akusado sa nasabing kasong rebelyon. Hiwalay ito sa pareho ring petisyon nina Jose Ma. Sison at 12 pang iba, na di pa sinusuri ng korte.

Karamihan sa 32 akusado ay lubhang sinaktan at marami ang pinilit na lumagda sa mga pahayag na ginagamit ngayon laban sa kanila. Bukod dito'y

nilabag ng rehimen ang kanilang karapatang magkaroon ng mabilis na paglilitis at humarap sa hukumang sibil.

<u>Bagong paratang</u>

Isang bagong kaso, sa subersyon naman, ang pinagtahi-tahi ng pasistang rehimen laban kina Sison at 11 pang iba. Bagamat itinakda na ang pagdinig sa kaso ng isang komisyon militar noong Enero 24, sa huling balita ay di pa rin ipinapaalam sa mga akusado ang mga detalye ng panibagong paratang sa kanila.

Kaugnay naman ng kasong suberayon laban kina Luzvimindo David at 37 iba pa, iniulat ng <u>Political Detainees Update</u> ang pagtataka ng mga naroroon sa hukumang militar noong Enero 11, nang biglang bumanat sa pasistang rehimen ang tagapangulo ng Komisyon Militar Blg. 6.

Iyon ang pinakahuling paghawak sa komisyon ni Kor. Romeo Soliman Jr., na nagreretiro na sa Hukbo ng Pilipinas. Isang taon siyang naging pinuno ng komisyong dumidinig sa kaso nina David, na pitong taon na'y di pa natatapos.

Ginulat ni Soliman ang mga nakikinig sa kanyang pamamaalam nang sabihin niyang: "Hindi sa iisang tao ko iniuukol ang aking katapatan, sapagkat ang katapatan sa iisang tao ay pinagmumulan ng tirania at diktadura."

• • •

SUMUSULONG SA IFUGAO ANG REBOLUSYONG AGRARYO

Isinusulong ng mga maralita at mababang-panggitnang magsasaka sa ilang dako ng Ifugao ang rebolusyong agraryo sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Unti-unting pinapawi ng organisadong magsasaka ang iba't ibang anyo ng pagsasamantalang peudal at unti-unti ring bumubuti ang kanilang kabuhayan.

Dati-rati, kapit-sa-patalim silang nangungutang sa mga usurero pagdating ng tiyalgo, o taggutom. Madalas itong mangyari dahil kailanma'y hindi nagkakasya sa mga magsasaka't pamilya nila ang bahagi nila sa palay na inaani sa payaw, o hagdan-hagdang palayan sa bundok.

At dahil noo'y walang pagkakaisa ang mga maralita't panggitnang magsasaka, ang mga usurero ang nagpapasya ng tantos ng interes ng kanilang pautang. Karaniwa'y malaki ang interes. Dagdag pa sa hirap ng masa ang mataas na presyo ng bilihin kung panahon ng tiyalgo.

Ang pasistang rehimeng Marcos ang pinakamalaking panginoong maylupa sa Ifugao at iba pang probinsya sa Montanyosa. Hindi nakatitiyak ang masang Igorot sa maliliit nilang sakahan dahil bagamat ito'y binubungkal na ng kanilang mga ninuno nang kung ilang siglo, wala silang titulo sa lupa tulad ng hinihingi ng gobyerno.

Madalas pang itaboy ng gobyerno ang marami sa kanila upang bigyang-daan ang malalaking kapitalistang nagbubukas ng mga bagong minahan, o kaya'y dahil sa mga proyektong pagpapalapad sa haywey.

Dahil naman sa pagpoproklama ng rehimeng Marcos sa malalawak na gubat bilang diumano'y "lupaing publiko", ni hindi makakuha ng kahoy ang masang nagpapaet o naglililok ng mga piguring ipinagbibili sa lunsod ng Baguio at sa kapatagan.

Pagdating ng Partido at BHB sa Ifugao, at pagkatapos magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat, tinalakay ng mga kadre't Pulang mandirigma at ng masa ang mga hakbangin upang mapabuti ang mahirap na kalagayan ng masa.

Kolektibong pagkilos

Ang susi rito ay ang mahigpit na pagkakaisa ng masa at kolektibo nilang kapasyahang kumilos at makibaka para mabawasan man lamang ang kanilang pagdarahop. Sa gawaing ito, buo ang suporta ng kanilang hukbo.

Pinasigla ng mga maralita at mababang-panggitnang magsasaka ang ubbo, o palitan ng paggawa na lumang tradisyon sa Ifugao. Kailangan lang ayusin ang mga pamamaraan dito upang maging makatarungan sa lahat ng kasapi. Lumaki ang kita ng mga magsasaka dahil dito.

Nagtatag din sila ng kooperatibang pinondohan ng ambag ng bawat kasapi. Ang pondo ay ipinambibili ng palay sa panahon ng ani, habang mababa ang presyo, para may makain sa panahong ubos na ang kanilang bahagi sa ani.

Kasabay ng mga hakbang na ito, nagkaisa ang mga magsasaka na huwag magbayad sa mga usurero hanggat hindi nila ibinababa ang interes sa ₱3 isang buwan sa bawat ₱100 pautang.

Ang isa sa katunggali nila rito ay ang grupong Bolanan, isang pangkat ng usurerong bumibiktima sa mga maralita sa Yunit 5 na binubuo ng ilang baryo sa Banawe, Ifugao.

Kung tutuusi'y naghihirap pa rin ang mga magsasaka sa Ifugao bagamat umangat na nang bahagya ang kabuhayan nila kung ihahambing sa dati.

Ang kanilang isinasagawa ay ang mga panimulang hakbang pa lamang sa programa ng Partido sa rebolusyong agraryo na ang maksimum na layunin ay ang pagkumpiska sa mga lupa ng mga panginoong maylupa at ang libreng pamamahagi nito sa mga magsasakang wala o kulang ang lupa.

Gayunman, humahango sila ng mahahalagang karanasan. Sa proseso ng kanilang pakikibaka para iangat ang kanilang kabuhayan, unti-unti nilang napatutunayang nasa sandatahang pakikibaka lamang ang kanilang katubusan sa pagsasamantala't pang-aapi.

Patunay ng pagtaas ng kanilang kamulatang pampulitika ang pagsapi ng marami sa kanila sa Partido at hukbong bayan, at ang pagiging aktibo sa mga samahang masang tuwirang tumatangkilik sa pambansang demokratikong rebolusyon.

• • •

DAPAT MAKISALAMUHA SA MASA ANG MGA AKTIBISTANG PANGKULTURA

Dapat ibayong makisalamuha sa masa ang mga kadre at aktibistang pangkultura at tuwirang lumahok sa kanilang pakikibaka sapagkat "sa gitna lamang ng pakikibaka tunay na lalago at magsisilbi sa masa ang rebolusyonaryong kultura".

Ito ang panawagan ng Kamao, magasing pangkultura sa Haynila-Rizal, sa isyu nito kamakailan (Blg. 5).

Tinalakay ng Kamao ang mahalagang papel ng mga kadre at aktibistang pangkultura sa kasalukuyang yugto ng pagsulong ng pambansang demokratikong rebolusyon, at isiniwalat muli ang kulturang pasista, imperyalista't pyudal na pinanlilinlang ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos sa bayan.

Anang magasin:

"Lubhang mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga kadre at aktibistang pangkultura sa panahong ito ng sumusulong na pakikibaka ng sambayanan para sa pambansang paglaya at demokrasya.

"Bakahin ang kultura ng pasismo, imperyalismo at peudalismo, isulong ang kulturang pambansa, siyentipiko at pangmasa: ito ang ating rebolusyonaryong tungkulin sa larangan ng kultura sa buong panahon ng ating pambansang demokratikong pakikibaka.

"Lumikha ng mga awit, dula, tula, kwento, komiks, poster at iba pang anyong pansining na bumabatikos sa diktadura at naglalaman ng rebolusyonaryong diwa at karanasan ng masa.

"Palawakin at palalimin ang pag-aaral ng rebolusyonaryong kaisipan, pangkalahatan at partikular na kalagayang pampulitika, kilusang masa at pag-unlad ng pakikibaka. Higit itong kailangan sa kasalukuyan upang magsilbing gabay natin sa lalong mabisang pagsasakatuparan ng ating tungkulin."

Kaugnay nito, nanawagan ang Kamao ng pakikipag-ugnay sa mga aktibistang pangkultura sa hanay ng masang manggagawa't magsasaka, ibayong pakikisalamuha sa masa, at tuwirang paglahok sa kanilang mga pakikibaka.

Reaksyonaryong kultura ng rehimen

Hinggil sa reaksyonaryong kultura, tinukoy ng magasin ang islogan ng pasistang diktadurang "Isang Bansa, Isang Diwa" na anito'y "naglalayong ikubli sa masang Pilipino ang maigting na kontradiksyon ng naghaharing pangkating E.U.-Marcos, sa isang panig, at ng masa ng sambayanan, sa kabilang panig".

"Sa pamamagitan ng pagkikintal sa isipan ng masa na lahi o pagiging Pilipino ang dapat magbigkis sa kanila," anang Kamao, "pinipilit burahin ng diktadura ang diwa na uri ang dapat pagbatayan ng pambansang pagkakaisa."

Sa kasalukuyang kalagayan ng malawak at matinding pambubusabos sa nakararaming mamamayan, ang reaksyonaryong kaisipang tinataglay ng islogan ay isa sa mga bukal ng kultura ng pasistang diktadura, sinabi pa ng magasin.

Binanggit din ang iba't ibang anyo ng pagtatanghal na ginagamit ng rehimen sa panlilinlang ng mamamayan, lalung-lalo na ang mga pelikulang nagpapabango sa pasistang militar at naninira sa rebolusyonaryong kilusan.

Nitong nakaraan, panay ang pagpapatugtog at pagpapalabas sa mga radyo at telebisyong kontrolado ng gobyerno ng mga kantang Pilipino. Mahusay ito umano para sa pagpapalaganap ng wikang pambansa at sa pagsulong ng mithiing makabayan.

Ngunit sa kabuuan, palatakas ang mga kantang ito, sa porma at nilalaman, at nagpapalaganap din ng mga kaisipang peudal.

Punung-puno naman ang telebisyon ng mga pambatang palabas mula sa Hapon, na nagpapabantog sa mga diumano'y makapangyarihang robot. Bukod sa pagmamaliit nito sa papel ng masa sa paglilikha ng kasaysayan at pagpapasa sa mga indibidwal na "bayani", inihahanda ang kaisipan ng mga batang Pilipino sa pang-ekonomia't pangkulturang subersyon ng imperyalismong Hapones sa Pilipinas.

Higit sa lahat, anang Kamao, nakatuon at nagsisilbi ang edukasyon, ang mga aralin at kursong ipinatutupad ng diktadura sa mga eskwelahan, sa interes ng mga higanteng korporasyong imperyalista at lokal na naghaharing uri na pinangungunahan ni Marcos at ng kanyang pamilya.

Dahil sa mga pakanang ito ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos, ang pangwakas ng magasin, dapat bakahin ang kultura ng kaaway habang pinalalaganap ang kulturang pambansa, siyentipiko at pangmasa.

• • •

REBOLUSYON SA IRAN, MAIPAGTATAGUMPAY
NG PARTIDONG MARXISTA-LENINISTA

Mga malaking demonstrasyon at welgang humantong sa pangkalahatang pag-aalsa ang matagumpay na magpabagsak sa gobyerno ni Shapour Bakhtiar noong Pebrero 12 sa Iran, at nagbigay-wakas sa 38 taon ng pasistang paghahari ni Shah Mohammed Reza Pahlavi.

Isa itong malaking pagsulong para sa rebolusyonaryong pakikibakang Irani, ngunit hindi pa ganap ang tagumpay ng mga mamamayan. Sa pagbagsak ng shah, o hari, ang kapangyarihang pang-estado ay inagaw ng ilang grupong relihiyoso at pampulitika na kumakatawan sa interes ng mga pambansang kapitalista at panginoong maylupa sa Iran.

Si Ayatollah Ruhollah Khomeini, lider ng Pambansang Prente na siyang alyansa ng mga pwersang oposisyonista sa Iran, ay malinaw na nasa panig ng mga uring asendero at burges. Siya ang pangunahing pinuno ng nakararaming sektang Muslim na Shia, isang institusyong nagmamay-ari ng malalawak na lupain at haligi ng peudalismo sa Iran.

Pawang kinatawan din ng mga asendero at pambansang burges ang karamihan sa iba pang lider ng Pambansang Prente. Si Mehdi Basargan, na hinirang ni Khomeini bilang punong ministro, ay galing sa pamilya ng pambansang burges, samantalang si Karim Sanjabi naman, ang pangunahing tagapagsalita ng Prente, ay isang asendero.

Sumama sa oposisyon ang mga personahe at grupong ito dahil sa pagtanggi ni Pahlavi na bahaginan sila ng kapangyarihan. Kaugnay nito, malaki ang kanilang sama ng loob sa suportang ibinibigay ng gobyernong E.U. sa shah. Nababahala rin ang mga asendero dahil pinahina ng programang "modernisasyon" ng shah ang kanilang hawak sa masang magsasaka, na nagsipaglikasan patungong syudad. Sa paghahayag ng ganitong mga hinaing, ang mga paring Shia ang nagsisilbing tagapagsalita ng mga panginoong peudal.

Kaya't sa kabila ng kanilang matatamis na salita, walang pagnanais ang mga bagong namumuno sa Iran para sa ganap na rebolusyonaryong pagbabago. Nakatali sila sa iba't ibang paraan sa imperyalismong E.U., at palaging nag-dadalawang-isip ukol dito. Sa partikular, umaasa ang malalaking negosyante sa mga empresang monopolyo ng E.U. para sa pagtakbo ng kanilang mga kalakal, at nakikibahagi sila sa malaking tubong kinakamal ng mga imperyalista mula sa masang anakpawis ng Iran. Gayundin ang mga asendero na sa simula't simula pa'y kakutsaba na ng mga imperyalista sa pag-aagawan sa mga konsesyon ng langis sa Iran.

Hindi kataka-taka kung gayon na lumambot ang pananalita ni Khomeini laban sa imperyalismong E.U. sa panahong malapit nang bumagsak si Pahlavi. Sa isang pakikipanayam sa mga peryodista sa Paris, sinabi niya na handa siyang makipag-usap sa gobyernong E.U. kung ititigil nito ang pagtangkilik sa haring Irani.

Pagkatakot sa masa

Gayunman, mapipilitan pa rin si Khomeini at ang kanyang mga alyado na magbigay ng ilang konsesyon sa rebolusyonaryong masa. Maaaring humingi sila ng mas malaking parte sa kita ng mga kompanya ng langis o di kaya'y gumawa ng limitadong hakbang na anti-E.U., tulad ng pagputol sa relasyong diplomatiko sa Israel at paghinto sa suplay ng langis dito at sa Timog Aprika. Subalit sa kabuuan, pipilitin nilang manatili ang kasalukuyang sistema sa Iran.

Bagamat sumisigaw ng rebolusyon, natatakot ang mga bagong pinuno sa masa, gaya ng ipinapakita ng kanilang masugid na anti-komunismo. Sa katunayan, isa sa mga unang kautusan ni Khomeini pagkatapos niyang maagaw ang kapangyarihan ay ang pagdidis-arma sa masang Irani.

Samantala, patuloy siya sa paglalaro sa mga rebolusyonaryong pagnanasa ng mamamayan sa pamamagitan ng kanyang pangakong magtayo ng isang "republikang Islam" na hanggang ngayo'y hindi pa niya ipinaliliwanag kung ano ang ibig sabihin.

Habang nangyayari ito, lumilitaw ang maraming palatandaan ng rebolusyonaryong pagtutol kay Khomeini. May mga ulat na tumatanggi ang mga manggagawa at estudyante na magsuko ng armas hanggat hindi nila natitiyak na ang kapangyarihang pang-estado ay ganap na nasa kamay ng mga mamamayan.

Kung walang rebolusyonaryong pagbabago, totoong mananatiling mapagsamantala at mapang-api ang kalagayan sa Iran. Hindi sapat na mapabagsak ang shah lamang; kailangang mawasak din ang sistemang malakolonyal at malapyudal na nagbubulid sa masa sa matinding kahirapan, pagsasamantala at pambansang pambubusabos.

Sa kabila ng malaking likas na yaman ng Iran, pinilit ito ng mga imperyalista, una'y ang mga Britaniko, at sa kalauna'y ang mga Amerikano, na maging isang ekonomiang umaasa lamang sa produksyon ng langis. Sa teorya, pag-aari ng Iran ang mga minahan at repineriang nasa loob ng teritoryo nito, subalit kontrolado ng mga imperyalista ang industria ng langis dahil sa kanilang monopolyo sa pamilihan ng langis sa loob at labas ng Iran.

Dahil kumakamal sila ng dambuhalang tubo sa ganitong malakolonyal na kaayusan, palaging pinipigilan ng mga imperyalistang E.U. ang industrialisasyon sa Iran. Sa halip, nagtayo sila ng mga banko at empresang nagtitiyak na ang takbo ng ekonomia ay babagay sa pangangailangan ng imperyalismo. Ito ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, wala pang matatawag na sariling industriang petrokemikal ang Iran, kahit isa ito sa pinakamalalaking prodyuser at tagaluwas ng langis sa daigdig. Ang malalaking puhunan sa industriang Irani sa kasalukuyan ay pag-aari ng mga monopolyong kapitalista mula sa Estados Unidos, Kanlurang Alemanya o Hapon.

Pagpigil sa industrialisasyon

Umaabot sa P163 bilyon ($22 bilyon) ang kita taun-taon ng industria ng langis sa Iran, subalit ang mga manggagawa rito ay patuloy pa ring sumusweldo nang napakababa at namumuhay nang miserable. Karamihan sa kanila ay nakatira sa mga komunidad ng maralita sa Teheran at ibang mga syudad, kung saan sila'y nagsisiksikan sa mga kubong putik o kwebang hinukay sa ilalim ng lupa. Lubhang malala ang kawalan ng hanapbuhay bunga ng kasalatan ng industria sa mga syudad at iba pang mapagkikitaan sa kanayunan. Bukod pa rito, dahil idinidiin sa industria ng langis ang mataas na teknolohia, kakaunti lamang ang trabahong maibibigay nito. Noong 1950, ang bilang ng manggagawa sa industria ay 70,000. Ngayon, makalampas ng halos 30 taon, hindi pa nadaragdagan ang bilang na ito.

Upang masagkaan ang industrialisasyon sa Iran, tumatanggi ang imperyalismong E.U. na sanayin ang mga manggagawang Irani sa pagpapatakbo ng mga minahan at repineria ng langis. Hanggang ngayon, hawak pa rin ng mga dayuhan ang halos lahat ng trabahong teknikal at pangangasiwa hanggang sa panggitnang antas, bagay na pinatutunayan ng 41,000 mamamayan ng E.U. na naninirahan sa Iran.

Nang ilunsad ng shah ang kanyang programang "modernisasyon", ipinagtanggol ito sa pagsasabing tiyak na maiindustrialisa ang Iran at magiging isang bansa itong umaasa sa sarili at makapangyarihan. Subalit ang kanyang programa ay nakabatay sa pagpasok at pag-unlad ng imperyalistang kapital sa bayan, kayat ang naging bunga nito ay ang lalong paghigpit ng kontrol ng mga imperyalista sa ekonomiang Irani.

Dagdag dito, pinabayaan ang agrikultura at napilitan ang Iran na umangkat ng halos kalahati ng pagkaing kailangan nito. Ang kamahalan ng mga angkat na pagkain ay lalo lamang nagpalala sa implasyon, na siyang dahilan ng paglaganap at pagtindi ng gutom at sakit.

Sa kanayunan, kung saan [illegible] ng populasyon, kinukubakob ng peudalismo ang [illegible] sa kabila ng lunsad ng shah noong 1962. [illegible] lupang magsasaka ang naipamahagi sa mga [illegible] bibigay ng halos 60 porsiento ng [illegible], maliban sa kanilang ibinabayad na hulog para mabili ang [illegible].

[illegible]

Sa kasalukuyan, 56 porsiento ng [illegible] sa Iran ay pag-aari ng mga asendero, 15 porsiento ng mga institusyong [illegible] at 4 porsiento ng estado at kaharian. Dahil sa peudal na sistema [illegible] pag-aari at sa atrasadong pamamaraan ng produksyon sa agrikultura, [illegible] ang mga magsasaka ng Iran sa dumaranas ng pinakamasahol na [illegible] peudal sa daigdig. Wala pang 4 porsiento sa [illegible] ang marunong [illegible] sumulat. Karaniwang 30 anyos lamang ang itinatagal ng kanilang [illegible] ang isa sa bawat dalawang sanggol na [illegible] ng kakulangan sa sustansya, buu-buong mga baryo ang [illegible]. Sa maraming lugar, ginagawang pagkain ang dayaming ibinabad sa [illegible].

Libu-libong magsasaka ang nagsisilikas patungong mga syudad mula pa noong unang mga taong 1960, sa maling [illegible] sila ng kampanyang "modernisasyon" ng shah. Subalit wala [illegible] trabaho roon at humantong lamang sila sa mga [illegible] lunsod.

Sa harap ng ganitong kahirapan, [illegible] ng mga naghaharing uri sa Iran ang kita mula sa langis sa [illegible] ng armas, paglalagay ng mga inprastruktura para sa dayuhang puhunan at sa iba't ibang [illegible] subalit walang kabuluhang proyekto. Para matugunan lamang ng Iran ang [illegible] papel bilang pangunahing instrumento ng imperyalismong E.U. sa rehiyon ng Golpo ng Persia, gumastos ito ng humigit-kumulang P105 bilyon ($14 bilyon) mula 1972 para sa makabagong armas. Sa lahat ng mga transaksyong ito, malaking pera ang ibinubulsa ng mga opisyal ng gobyerno.

Ito ang mga problemang dapat malutas ng Iran sa kasalukuyan. At walang makalulutas dito maliban sa isang tuloy-tuloy na rebolusyong anti-imperyalista at antipeudal, at ng susunod ditong sosyalistang rebolusyon, na magtutulak sa Iran tungo sa isang makatarungan at masaganang kinabukasan.

Sa hanay ng iba't ibang progresibong uri na ngayo'y nakikihamok sa Iran, tanging ang uring manggagawa ang makapamumuno sa rebolusyong ito hanggang sa tagumpay. Ang matatag na rebolusyonaryong posisyon ng proletaryado ay napatunayan nang pangunahan nito ang pakikibakang anti-shah at anti-imperyalista ng mamamayan.

Subalit ang pagtupad ng mga manggagawa sa kanilang makasaysayang papel sa rebolusyon ay pinipigilan ng panananabotaheng pang-ideolohia at pampulitika ng rebisyonistang Partido Komunista ng Iran, o Tudeh. Sa halip na igiit ang independyente at rebolusyonaryong pamumuno ng uring manggagawa sa mga pakikibaka, nangangayupapa ang Tudeh kay Khomeini at nangangako rito ng buong pagtangkilik sa kanyang "republikang Islam".

Pagtakwil sa sosyalismo

Nang kapanayamin siya ng Newsweek, isang magasin sa E.U. (Enero 29, 1979), walang kahihiyang ibinandila ng lider ng Tudeh, si Nourreddin Kianouri, ang burges na demokrasya para sa Iran at tinalikuran niya ang sosyalismo bilang simulaing pampulitika ng uring manggagawa at anakpawis ng Iran. Ni hindi iniugnay ng programa ng Tudeh ang pakikibaka laban sa imperyalismo sa pakikibaka laban sa peudalismo.

Ang inaalala ng Tudeh ay hindi ang rebolusyonaryong interes ng masang Irani kundi ang ambisyong ehemonista ng kanyang rebisyonistang amo—ang sosyal-imperyalistang Unyon Sobyet. Ibinulgar ni Kianouri ang masamang pakay ng mga

Sobyet nang kanyang sabihing "[illegible] ng Unyon Sobyet lamang sa hangganan nito sa timog ay [illegible] gobyerno na walang baseng dayuhan [illegible] mapagkaibigang Iran ang pinakamalaking [illegible]."

Pakana ng mga Sobyet na [illegible] sa hanay ng oposisyon, upang doo'y himukin si Khomeini at [illegible] sa kontrol ng kalaban nilang superpower, ang imperyalismong E.U.

Sa kabilang panig, kahit na ito'y [illegible] depensiba sa Iran, patuloy na nakikipag-ayos ang imperyalismong E.U. kay Khomeini.

Ang mga pakana at kontra-pakanang ito ng dalawang superpower sa Iran ay lalo lamang nagpapalitaw sa kahalagahan ng isang independyente at rebolusyonaryong pamunuan para sa mamamayang Irani.

Sa kanilang mga rebolusyonaryong pakikibakang puspos ng kabayanihan, natuto ang mamamayang Irani ng mahahalagang aral na magagamit nila sa pagpapasulong ng kanilang rebolusyon. Isa sa mahahalagang aral na ito ay ang pangangailangan ng isang rebolusyonaryong partido, na may rebolusyonaryong programa, upang pamunuan sila sa pakikibaka.

Ang partidong ito ay isang Marxista-Leninistang partido, na nagtataguyod sa pamumuno ng uring manggagawa at nakikipagbuklod sa malawak na masa ng mamamayan. Sa ilalim ng pamumuno nito, tiyak na magagapi ng masang Irani ang lahat ng kanilang kaaway, dayuhan at lokal.